

1

Isang lumang pulang *Beetle* ang huminto sa highway na papasok sa bayan ng Saracanlao at isang babaeng mukhang pixie ang bumaba mula sa kotse. Hanggang baywang ang mahabang buhok ng dalaga, maliit ang ulo, upturned ang ilong, at napakaganda ng bilog na bilog na mga mata. Itinapon sa kanya ng evil stepmother niyang si Cozette ang malaking maletang kulay khaki at isang supot ng pastillas na nabili nila sa daan.

“Vivetha, makinig ka,” umpisa ng stepmom niya na nasa manibela. Dalawang pulgada ang taas ng kilay nito mula sa mata. “Huwag kang magsuplada doon, ha? Walang magkakagusto sa ’yo kapag suplada ka.”

Umismid si Vivetha.

“You give me what I want and I’ll give you what you want,” seryosong patuloy ni Cozette.

At ang gusto nito ay sirain niya ang kasal ng anak ni Ismael Enrique—ang dati nitong nobyo at may-ari ng *Rancho Enrique*. Dumating si Cozette sa bayan ng Saracanlao bilang fiancée ni Ismael. Lamang,

nadispatsa ito dahil kinailangang pakasalan ni Ismael si Lila—ang anak ng gobernador—kung ayaw nitong mailit ng bangko ang rancho. Walang nagawa si Cozette kundi lumayo. Bumalik ito sa Maynila, sa Pasig kung saan ito nanggaling.

Last month, narinig ng stepmom sa isang dating kaibigang taga-Saracanlao na nakasalubong sa mall na ikakasal na raw ang nag-iisang anak na lalaki nina Ismael at Lila na si Miguelito sa anak nina Ramon at Constancia Valenzuela.

Sa araw-araw na pagbubunganga ni Cozette, kilala na niya kung sino si Atty. Ramon at ang asawa nitong si Constancia. Ang mag-asawa umano ang pumilit kay Ismael noon na gawing priority ng lalaki ang rancho.

At dahil si Cozette ang ‘nag-alaga’ sa kanya na anak ng dati nitong ka-live-in, parang utang na loob niya ngayon na ‘ipaghiganti’ ang nanay-nanayan.

Naging live-in partner ito ng tatay niyang pulis. Ayon kay Cozette, apat na buwan din tumagal ang pagsasama ng mga ito—hanggang sa mamatay sa bangungot ang tatay niya isang umaga.

Limang taong gulang lamang siya noon, at sa istorya ni Cozette, wala nang susuplada pa sa kanya

noong maliit pa siyang bata. Dahil walang kamag-anak na nagmagandang-loob na magkusa, inako umano nito ang pagpapalaki sa kanya.

Isa raw siyang malaking sakit ng ulo.

At heto nga at emisaryo siya nito sa bayan ng Saracanlao para maghiganti sa mga taong nanakit umano rito. Para raw magkaroon ng silbi sa wakas ang pagpapalaki nito sa kanya na naging napakagastos.

In fairness sa stepmom niya, pinag-aral siya nito sa isang prestihiyosong unibersidad. Kahit daw kaartehan lang ang kurso niyang Music.

May parlor at restaurant na hawak si Cozette. Marunong ito sa pera, sa negosyo at sa buhay. At kahit paano ay mabait ito sa kanya.

Upang subukin ang 'kabaitan' nito, pagka-graduate niya nitong April ay Asian Tour ang hiningi niyang regalo. With matching pocket money. Ang siste, kung gusto raw niya ng tour around Asia, magpagod daw siya tulad ng pagpapagod nito para mabuhay sila.

At higit sa lahat, sirain daw niya ang kasal ni Miguelito Enrique na anak ng dati nitong nobyo.

“Sa bahay lang ako ni Lola Candy. Kung may

kailangan ka, tawagan mo lang ako. Ciao!” bilin ng stepmom. At iniatras na nito ang kotseng hiniram nila sa matanda. “And don’t tell anybody that you know me,” pahabol nitong bilin.

Pabalik na ito sa bayan ng Salmorin kung saan naroon ang bahay ni Lola Candy. Treinta minutos iyon bago ang bayan ng Saracanlao.

Nakaismid pa rin na sinundan ni Vivetha ng tingin ang kotse na humarurot palayo sa sementadong highway na pinapagitnaan ng walang hanggang damuhang punung-puno ng mga nakapastol na baka. Mataas ang araw—alas tres ng hapon; mabuti’t may suot siyang buri hat para maitago ang bad trip niyang mukha.

Sa lahat naman ng puwedeng ipagawa sa kanya ng ina-inahan—ang manira pa ng kasal!

Goodness! It’s an out of the world challenge. Hindi niya talaga carry at hindi pa ma-digest ng kanyang utak. Ang totoo ay hindi niya alam na may dati pala itong fiancé na ranchero pa. Sa sobrang palengkera nito, parang imposibleng may nagkagusto rito na isang ranchero.

Hay... mukhang wala na siyang magagawa kundi lakarin ang sementadong daan na pinapagitnaan

ng hilera ng puno ng mahogany. Dito raw ang daan papasok ng Saracanlao, ang bayan na minsang naging malupit kay Cozette.

Hindi na raw siya maihahatid doon ng kanyang step-mommy dahil ayaw nitong makita ito ng mga tao. Mas malaki raw ang tsansa niyang sirain ang kasal kung hindi alam ng mga tao na anak-anakan siya ni Cozette Alvida.

Hay, dapat talaga niyang masira ang kasal ni Miguelito dahil sa August na ang tour nila ng barkada. Apat na buwan na lang ang natitira sa kanya. Ano kaya ang hitsura ng Miguelito na iyon? Tunog pa lang ng pangalan, mabaho na! Well, hindi na importante iyon dahil ang mahalaga sa kanya ay ang makasama sa mga kaibigan na lumibot sa Asia. Kaya dapat magtagumpay siya sa misyon niya.

Dapat bongga ang unang pagkikita nila ng lalaki. Dapat naka-dress siya, bagong ligo at lumilipad sa hangin ang maysa-bulaklak na bango. Magpapakilala siya rito at sasabihing, “*A beautiful day, isn’t it?*”

At dapat, napakamalumanay at napaka-sweet ng tinig niya. At siyempre, dapat may napakasarap na ngiti na nakapaskil sa kanyang mga labi. Tingnan natin kung hindi maakit sa kanya si Miguelito!

Supposedly, sa Miyerkules pa ang dating ng beinte-nueve años na si Miguel. Ngunit gusto niyang sorpresahin ang lahat kaya napaaga siya ng dalawang araw. Pagtapak sa airport ay rumenta siya ng sasakyan at siya na mismo ang naghatid sa sarili sa *Rancho Enrique*. Mula nang mag-MBA siya sa London ay taunan na lamang ang pag-uwi niya ng Pilipinas. Ngayon ay may master's degree na siya.

At sa kanyang pagbabalik, aayusin na nila ng kasintahang si Jeilyn ang kanilang kasal. Apat na taon na niyang nobya ang babae. Wala nang makapagsasabi na wala pa sila sa tamang edad para magpakasal.

Malapad ang ngiti at magaan ang dibdib na iniliko niya sa kalsadang pinapagitnaan ng mga punong-kahoy ng mahogany ang sasakyan. Malayulayo na ang na-drive niya nang may makita siyang babae na may hilang malaking bagahe na kulay-khaki. Naka-buri hat ito.

Ibinaba niya ang salamin ng kotse at binagalan ang pagmamaneho. “Hello po. Saan po ang punta n’yo?”

Binigyan siya ng masamang tingin ng babae.

Napakaganda nito, nakakabahala nga lang ang pagsimangot. Parang gabundok ang dala nitong sama ng loob.

“Hello?” ulit niya.

“Hindi mo ba gets? Bad trip ako.” Padabog itong lumakad at mukhang nahihirapan sa hinihilang bag. “Wala kayang nagsabi sa akin na ganito pala ito kalayo. Hay naku, forced labor ito!”

“Saan po ba ang punta n’yo?”

“Mas gurang ka pa sa akin kaya huwag mo akong po-in!”

Kung gaano ito kaganda, ganoon naman kapangit ang ugali. Itataas na niya sana ang bintana nang makita niya ang mga mata ng babae. Nakatingin ito sa harap, pero ang pupils nito ay parehong nasa kanan at tinitingnan siya nang pasimple, mukhang inaanalisa siya.

Matutumba ito, matutumba, matutumba... At natumba nga!

Hayan, hindi kasi tumitingin sa dinadaan. Nasubsob tuloy ito sa semento. Inihinto niya ang kotse at tinakbo ang babae para tulungan, pero nang hinila niya ito patayo ay nagalit pa ito imbis

na magpasalamat.

“At bakit mo ako tinulungan? Dahil ba babae ako at mahina? Hindi mo ba alam na sa sarili kong mga kamay ay kayang-kaya kong itayo ang sarili ko? Kung hindi ko kayang tumayo mag-isa, eh, di sana ipinaputol ko na lang ang mga kamay ko!”

Natulos si Miguel sa kinatatayuan. Sa totoo lang, takot siya sa matataray, at mukhang reyna ng taray ang kaharap. Walang isang minuto at natapos nito ang litanya. Accomplishment iyon para sa kanya dahil kahit kailan ay hindi niya iyon kakayanin sa bagal at lumanay niyang magsalita.

“Pasensya na po. Pinalaki po kasi ako ng mga magulang ko na matulungin.”

Lumiit ang mga mata ng babae. “At ako, tinuruan na huwag magpaka-plastic.” At muli nitong hinila ang bagaheng dala.

Bumalik siya sa sasakyan. Gusto niya sanang i-derecho na ang kotse pero nagdadalawang-isip siya dahil sigurado siyang nangangailangan talaga ng tulong ang babae. Nahihiya lang sigurong magsabi.

“Ako nga pala si Miguelito Enrique. Ikaw, ano ang pangalan mo?”

Napatigil ang babae. Napatingin ito sa kanya na parang gumuho ang mundo at pagkatapos ay napatingin uli sa daan at lumakad nang mabilis.

“May problema po ba?” Alalay pa rin ang pagmamaneho niya.

Hindi ito sumagot. Binilisan lang nito ang paglalakad hanggang narating na nila ang bukana ng Poblacion kung saan nagdidikitan na ang mga bahay.

“Hi, Manang Diding!” bati niya sa matandang babaeng nagdidilig ng hardin sa gilid ng kalsada.

“Miguel, kumusta?” Tinawag nito ang mga anak na babae para sabihing dumating na siya.

Nagtakbuhan naman ang mga bata para kumaway sa kanya.

“Miguel, napaaga ka!” sigaw ng kapitbahay ni Manang Diding na si Manang Diday.

At ang iba pang mga nakatambay ay lumapit sa kotse para kumustahin siya. Naabala siya sa pakikipag-usap sa mga tao kaya nawala sa kanyang paningin ang supladang babae. Bakit kaya naligaw iyon sa bayan nila? Parang may mahika talaga ang mukha at napakagandang tingnan ng napakahabang buhok.

Baka si *Maria Makiling* ng Laguna iyon na naligaw lang sa bayan nila. Pero si *Maria Makiling* ay kilala sa pagiging mabait; ang babaeng iyon—butadti sa pangit ang ugali.

Dumerecho siya sa kanilang mansion na nasa duluhan ng Poblacion, may di-kahabaang daan lang na papasukin at gate na nila. Pagtambad sa bakal na gate na may bakal na karatulang *Enrique Residence* ay bumusina siya ng tatlong beses hanggang sa dumating ang bantay na si Tay Kanor.

“Napaaga kayo!” anito nang makita siya sa loob ng kotse. “Naku, magpapahanda pa naman sana ang mama mo ng welcome party.”

Napatawa na lang siya. Ibinigay niya ang susi sa matanda para makuha nito ang kanyang mga bagahe sa compartment at tuloy maiparada na rin ang kotse. Naglakad na lang siya patungo sa main door at nagulat ang lahat sa kanyang maagang pagdating.

Si Nanay Kusing at ang isa pang kasambahay ay naglalagay ng tali sa butas ng tarpaulin na may naka-imprentang ‘Welcome Home, Miguelito!’ kasama ng disenyong lobo. Napahinto ang matatanda at napayakap sa kanya.

“Hijo,” iyak ng kanyang Mama Lila habang

pababa ng hagdanan. “Bakit hindi mo sinabing ngayon ka pala darating para nasundo man lang kita.”

“Surprise kasi, Mama, kaya hindi ko ibinalita sa inyo.” Niyakap niya ito nang mahigpit. Na-miss niya talaga ang kanyang ina. “Asan si Papa?”

“S’an pa ba? Di doon sa bukid niya.”

Palabas na siya ng pintuan upang puntahan ang ama nang dumating si Jeilyn. Tumakbo ito sa kanya at yumakap.

“Akala ko sa Wednesday ka pa!” Kulot pa rin ang hanggang balikat na buhok ng nobya. Medyo pumayat ito nang kaunti.

Tawa ang kanyang isinagot. “Puntahan natin si Papa.”

Kumuha sila ng mga kabayo at nagkarera papunta sa burol kung saan pinapakain ang daan-daang baka. Nakita niya roon ang ama sa lilim ng kahoy ng ipil, kasama ang ilang mga tauhan. Nagulat din ito pagkakita sa kanya.

“Nagpakatay na ang mama mo ng tatlong baboy at isang baka para sa welcome party mo,” anang kanyang papa.

Taliwas sa ina, hindi showy ang kanyang ama sa

pagpapakita ng pagmamahal nito. Hindi man lang nga siya nito niyakap.

“Tuloy ang party!” sagot niya.

Hiyawan ang lahat ng mga tauhan dahil siyempre, inuman iyon. At mukhang hindi na makakahintay ng Miyerkules ang handaan dahil nagpabili na ng limang kaha ng *Mucho* ang kanyang papa. Dumerecho na sila sa kubo sa malapit para mag-inuman.

2

Sabi ng dalagita kanina kay Vivetha, dumerecho lang daw siya sa Antonio Jose Street na iyon at makikita niya ang pulang bakod na may nakakabit na tarpaulin ng *Melizano Musical Ensemble*. Ang malaking lumang bahay raw ang ginagawang opisina ng bandang sasalihan niya. Kanina pa siya lakad nang lakad ngunit hindi niya pa rin nakikita ang hinahanap.

Napapaluhod na siya sa pagod nang marinig niya ang tugtog ng balse. Akalain ba niyang malapit na sa kasukalan at wala kahit traysikad na dumadaan sa lugar na iyon? Ano bang klaseng bukid itong napadparan niya?

Huminto muna siya sa isang sari-sari store at bumili ng pamatid-uhaw bago muling isinabak ang sarili papunta sa pulang gate. Nakailang katok pa siya bago may batang lumabas.

“Hi, can I talk to Miss Melizano?” aniya.

Kuwento ng kanyang Mommy Cozette, matandang dalaga raw ang may-ari ng *Melizano Musical Ensemble*. Nakaaway raw ito ni Cozette minsan pero naging matalik din na kaibigan sa huli. Ito lang ang nag-

iisang tao sa bayang iyon na nakakaalam na anak-anakan siya ni Cozette. Tinawagan ito ng ina-inahan para bigyan siya ng trabaho habang nasa Saracanlao siya.

Bumalik muna ang bata sa loob bago siya pinapasok. Pagtuloy niya ay tinahulan pa siya ng aso. Ang malas niya talaga ngayong araw! Parang hihimatayin siya sa nerbiyos.

Pinalabas ng bata ang aso at pinaakyat siya sa hagdan dahil nasa second floor ang nagpa-practice na grupo. Tipikal na Castilian ang bahay. Ang mga bintana ay gawa sa capiz, ang ikalawang palapag at ang hagdan ay sa kahoy, habang ang unang palapag ay sa bato at ang sahig ay sa ladrillo. Napakaaliwalas sa ikalawang palapag dahil halos puro bintana ang dingding at mukhang tinibag ang mga kuwarto dahil libreng kuwadrado na ang buong silid. Sa gitna nakapuwesto ang labindalawang musikero na may hawak na iba't ibang wind instruments. At paano ba niya hindi mapapansin ang napakalapad na likod ng kumukumpas?

Dahan-dahan itong napalingon sa kanyang direksyon nang mapansing may tinututukan ng tingin ang grupo na kinukumpasan. Nang nakita siya ng may edad na babae, pinahinto nito ang pagtugtog at

dahan-dahan itong lumapit sa kanya na parang leon na manlalapa.

Chinita ang mga mata nito, naglalana ang mukhang masyadong maliit para sa napakalapad na katawan. Halos wala na itong leeg at ang balikat ay parang sa lalaki ang laki. Kamukha nito ang berdugong headmistress sa pelikulang *Matilda* na wala nang ibang ginawa kundi manakot ng mga bata.

Lumapit ito sa kanya at tiningnan siya mula ulo hanggang paa sa napakaistriktong mga mata.

“Hmp! Masyadong patpatin. Baka sakitin ka at palaging mag-absent? Bawal mag-absent sa mga ensayo namin.”

“I’m healthy,” kumpiyansa niyang sagot. Gusto niya lang ipaabot sa kaharap na hindi siya basta-basta natatakot.

“Straight body!” sigaw nito na ikinatalon niya.

Ano raw? Bakit ito nanigaw? Napa-straight body tuloy siya.

“Ayaw ko nang hindi pustura sa mga musikero ko!” anang maestra na parang sumisigaw sa platoon ng army. “Dapat lahat derecho ang likod.”

Napaderecho ang likod ng lahat ng musikero.

Mukhang takot masigawan.

Sasagot sana siyang pagod na pagod siya kaya masama ang pustura niya ngayon, ngunit sa totoo lang nakakatakot kasi talaga si Miss Melizano kaya kinagat na lang niya ang labi. Nagmukhang-anghel ang Mommy Cozette niya sa babaeng ito.

“Ano’ng alam mong instrumento?” tanong ng maestra.

“Clarinet po.”

“May tumutugtog na ng clarinet.” Tumingin ito sa babaeng may hawak na trumpeta. “Arlene, kunin mo ang *tuba* sa baba!”

Namilog ang mga mata ni Vivetha nang marinig na ang dambuhalang tuba ang ipapahawak sa kanya.

Pagod na nga siya sa paglalakad at paghila ng bagahe, pagkatapos ipapabuhat pa sa kanya iyon? Ngunit hindi siya makapagsalita sa takot na mabugahan ng apoy ng maysa-dragong maestra.

Hindi nagtagal ay dumating din ang mukhang Koreanang si Arlene bitbit ang instrumentong dalawang talampakan na lang at kasing-tangkad na nito. Tumitig ito sa kanya at umismid.

Inismiran niya rin ito para patas. Sa unang tingin

pa lang ay alam na niya na kay Arlene babantayan ang kanyang likuran. Hindi ba may kasabihang ang magnanakaw ay galit sa kapwa magnanakaw? Sa ibang salita, ang feeling diyosa ay galit sa kapwa feeling diyosa!

Pinatayo siya sa pinakadulo ng linya. Hindi naman talaga sobrang bigat ng tuba, iyon nga lang ramdam niya talaga na may binubuhay siya. Sa laki nito, puwede nang ipasok ang kalahati ng katawan niya. Gusto siguro siyang pagtripan ni Miss Melizano kaya sa kanya ipinabuhay ang instrumento. Binuksan niya ang piyesa ng *Tennessee Waltz* at nakisabay sa lahat sa pagtugtog habang tinitingnan ang pagkumpas ng kamay ng maestra.

Limang kanta pa ang kanilang tinugtog bago tinapos ang pag-eensayo at inutusan uli ni Miss Melizano si Arlene na ihatid siya sa bahay ni Yolanda, whoever that was. Walang salita na lumabas ng bahay si Arlene kaya tahimik din siyang sumunod dito. Hindi man lang sila nagkasabay lumakad. Sa likod siya ng babae, akay-akay ang malaki niyang bagahe. Ang sarap sabunutan ng mukhang krung-krung sa unahan, sa totoo lang!

Lumakad sila papunta uli sa duluhan ng Jose Antonio Street at lumiko pakanan kung saan naroon

ang town plaza at ang basketball court. Huminto sila sa dalawang palapag na bahay na 80s ang disenyo, may puting pinta at pulang seramiko. Pumasok sila roon at ang matandang dalagang si Yolanda ang tumulong sa kanya na maipasok ang kanyang bagahe sa kanyang magiging kuwarto.

Nagpasalamat siya kay Arlene. Nga lang, hindi ito sumagot.

Maaga pa lang ay abala na ang lahat sa paghahanda para sa welcome party ng *unico hijo* ng pamilya Enrique. Naikabit na ang banderitas, nadeliver na sa mansion ang halos di mabilang na kahon ng beer at naimbita na ang lahat na dapat imbitahin. Para na ngang kasal sa laki ng gastos. Isinabay na rin kasi ang pasalamat at handa sa pagtatapos ni Miguel sa MBA nito.

“May nakaaway na naman si Rogelio nitong linggo lang,” sabi ni Jeilyn kay Miguel habang nakikigulo sila sa likuran kung saan abala ang mga tao sa paglilitson ng dalawang baboy.

Ang bango ng amoy ng papalutong baboy. Ipinahanda na ni Miguel ang kutsilyo para pakunan ito ng pinakaunang hiwa sa tiyan.

“Ano pa ba ang bago sa kapatid mo?” sagot ni Miguel.

Palaging nasasali sa trouble ang bunsong kapatid ni Jeilyn. Palagi na lang binibigyan ng lalaki ng sakit ng ulo ang mga magulang.

“Binastos daw kasi ang girlfriend kaya napasubo uli.”

“Sabihan mo siya na wala siyang makukuha kapag nagpalipad ng kamao. Dapat inihatid na lang niya pauwi ang girlfriend niya.”

“Oo nga,” walang katapusang sang-ayon ni Jeilyn. Mukhang nag-ipon muna ng lakas ng loob ang babae bago muling nagsalita. “Do you know that Arlene is back?”

Napatingin siya nang matiim sa kasintahan.

Paano ba niya makakalimutan si Arlene Maldejo? Naging girlfriend niya ito nang dalawang linggo. Agad niyang kinalasan dahil masyadong obsessive. Nakakatakot dahil parang neurotic ang infatuation nito sa kanya. Kabit nang kabit kahit saan at mukhang ayaw nang umuwi sa sariling bahay.

Patapos siya noon ng kolehiyo at sembreak kaya nasa Saracanlao siya. Nakilala niya si Arlene sa isang

sayawan sa katabing bayan ng Salmorin. Masaya itong kasama at may hitsura rin kaya niligawan niya.

Cool ang babae; sinagot siya agad. Pag-uwi niya ay sumama ito sa kanilang mansion. Nang makita ang bahay niya ay parang ayaw nang umuwi ng babae kahit anong parinig niya na darating na ang mga magulang niya na nasa States nang mga panahong iyon.

Nag-freak out siya sa ugali nito kaya nakipagkalas agad siya. Nagbanta ang babae na magpapakamatay. Hindi niya sineryoso. Pagkatapos ng dalawang linggo, nabalitaan niya na naglaslas daw ito. Mabuti at hindi natuluyan.

Nang gumaling ito, sinundan-sundan ulit siya. Kaya naman todo iwas siya. Nang mabalitaan niya na umuwi ito ng Cebu sa lola nito para mag-aral ng Music, saka lang ulit siya naglagi sa mansion at sa bayan nila. Para siyang nabunutan ng tinik nang nawala ito sa kanilang bayan.

Ngayon, hindi niya alam kung anong problema na naman ang ibibigay ng babae sa pagbabalik nito. Pusta niya, gagawa ito ng kadramahan para masira ang engagement nila ni Jeilyn. Napangiti at napailing si Miguel. Hindi ito magtatagumpay.

Alas cinco pa lang ay nagdatingan na ang kanilang mga bisita at ang kanilang mga tauhan. Pinalabas na agad nila ang beer para sa mahaba-habang inuman. Alas cinco y media dumating ang *Melizano Musical Ensemble* sa mansion para tumugtog sa pagtitipon.

Nakikipaghalakhakan si Miguel sa sangguniang bayan nang may kumablit sa kanya—si Arlene!

“Hi, Miguel,” magalang nitong bati. Suot nito ang T-shirt na may tatak na *Melizano Musical Ensemble*.

Kung pagmamasdan ang babae, malaki ang ipinagbago nito—mas pumuti at kuminis. Mukhang nahiyang sa siyudad. Sana nabura na rin ng Cebu ang pagkaluka-luka nito.

“Hello,” magalang niyang sagot habang nararamdaman ang pagtitig ng lahat.

Pinag-usapan sila nang nagpakamatay ito.

“Congrats sa recent MBA graduation mo.” Iniabot nito ang kamay.

Inilahad niya ang palad bilang pagtanggap. Pangit naman kung hihiyain niya ito.

“Miguel!” tawag ng papalapit na si Jeilyn. Siguro nakita nitong nilapitan siya ni Arlene kaya lumapit din. “Hi, Arlene!” masayang bati ng nobya.

Ngumiti naman si Arlene. Mukhang alam na nito kung paano dapat mag-react sa sitwasyon. “Maiwan ko na kayo, tutulong pa kasi ako kay Miss Melizano sa pag-aayos ng mga instrumento.” At dali-dali na itong umalis.

Nagbigay ng nininerbiyos na tingin sa kanya si Jeilyn. “Baka manggulo ’yan.”

“That will never happen.” Binigyan niya ng halik ang kasintahan.

“Manong, dalian n’yo po!” sabi ni Vivetha sa driver dahil late nang ibinigay sa kanya ni Arlene ang kanyang T-shirt at may malaking mantsa pa sa gilid kaya nilabhan niya pa.

Hindi tuloy siya nakadating nang maaga sa bahay ni Miss Melizano at naiwan siya ng service nilang jeep. Sumakay na lang siya sa tricycle kasama si Totoy, ang batang nagbukas sa kanya ng gate.

Pumasok pa sila sa isang kalsada sa gitna ng palayan bago sila huminto sa isang bukas na tarangkahan kung saan napakaraming tao ang nag-uumpukan. Binayaran niya muna ang driver bago bumuntot kay Totoy sa loob.

So ito ang alta sociedad ng Saracanlao, ani Vivetha sa sarili habang tinitingnan ang mga taong nakakasalisi nila.

May mga sosyal at may mga mukhang jologs. Marami rin ang baklita at mayroong mga madre na nakaupo sa dulo. Mukhang magastos yata magtapon ng kasiyahan sa probinsya. Sa siyudad, mga kamag-anak at ilang kakilala lang ang iniimbita. Dito, mukhang buong bayan ang dumadalo kahit pa siguro hindi bigyan ng imbitasyon.

Tahimik kasi kanina ang mga pamamahay na nadaanan ng tricycle. Mukhang nakipiyesta lahat dito.

Napaigtad siya nang mayroon siyang naapakang lalaki. Nakaupo kasi iyon sa Bermuda grass habang nakikipag-inuman. Humingi siya ng pasensya.

Pag-angat ng tingin niya, tumambad sa kanya ang isang mansion—sa mga Enrique!

Kaya siguro sumakit talaga ang loob ng kanyang Mommy Cozette nang hindi nito makatuluyan si Ismael. Mantakin mo, muntik na palang naka-jackpot ang stepmom niya!

3

Inilibot niya ang mga mata para hanapin ang pakay. In fairness, may karisma talaga ang lalaking nagpakilala sa kanya na Miguelito Enrique. Moreno, mapupungay ang mga mata at ang tangkad pa. Nataranta nga siya nang nagpakilala ito sa kanya dahil mukha siyang gusgusin nang mga oras na iyon.

Hindi ba ang plano niya ay dapat bagong ligo siya at nakabestida nang maganda sa unang pagkikita nila? Bakit kung kailan lasing na lasing siya sa pagod at buwisit ay saka pa ito sumulpot? Nasira tuloy ang first moment nila.

“Hinahanap ka ni Miss Melizano. Bakit ngayon ka lang?” Tumambad sa kanyang harapan si Arlene.

Tinaasan niya ito ng kilay. Siguradong hindi agad nito ibinigay sa kanya ang T-shirt para ma-late siya ng dating sa pagtitipon at mapagalitan uli ng maestra. Hintay-hintay lang ang babaeng ito dahil hindi tatagal at makakaganti rin siya.

“Kanina pa kita hinahanap!” anang paparating na si Miss Melizano. “Kanina pa sana kami nakapag-umpisa kung maaga kang dumating.” Galit na galit

ang mukha ng maestra, parang aso na mangangagat.

Mamaya ay tatawagan na niya ang Mommy Cozette niya na sunduin na siya dahil hindi niya kaya rito. Para siyang nasa gitna ng kagubatan na napapalibutan ng mababangis na hayop na atat na atat manlapa.

Tumakbo na lang siya sa mga kasamahan na nakapuwesto na sa kanilang formation at naghihintay na lamang sa kanya para makapag-umpisa. At nang makompleto, isang nakakaindak na cha-cha ang kanilang entrada.

Umupo si Miguel sa mesa ng kanyang papa kung saan naroon din si Mayor Soledad, si Cong. Malaya, ang kanyang magiging in-law na si Atty. Ramon at ilang malalaking negosyante ng kanilang bayan. Pinag-uusapan ng mga ito na dapat ayusin na ng gobyerno ang problema sa mga rebelde dahil ang mga commercial breeders ng baka ang naaapektuhan.

Bumaba ang bilang ng mga rancho dahil sa problema sa peace and order, kakulangan sa capital, at hindi maayos ang mga batas para sa renta ng mga lupain na puwedeng pagpastolan. At kapag rancho, dapat daan-daang ektarya ang pag-aaring lupa para

pastolan ng baka.

“Hindi natin kaya ang demand,” aniya. “Sa ibang bansa, nagbibigay ng subsidiya ang gobyerno sa mga commercial breeders. Malaking industriya ito kung palalaguin lang.”

Abalang-abala si Miguel sa pakikipagpalitan ng opinion nang may umakbay sa kanya.

“Jaime!” Binigyan niya ng yakap ang matalik na kaibigan at ikinuha ito ng beer sa kaha na malapit sa terrace ng hardin.

Nakigrupo na sila sa mga basketbolista na kasama nilang naglalaro sa court sa plaza. Basketball ang pinagkakaabalahan niya tuwing umuuwi sa Saracanlao at dito niya nakilala si Jaime, ang kanilang star player. Kaya nga niya kaibigan—dahil paborito siyang pasahan ng bola. Hindi naman kasi siya magaling, gusto niya lang makilaro.

“Pare! Pare!” Humahangos si Boboy, ang kanilang waterboy. “Grabe, ang ganda n’ung nagbubuhay ng dambuhalang trumpeta d’un, o! Ano nga ang tawag d’un?” Itinuro nito ang instrumento.

“Tuba,” sabi niya. Mukhang walang nakakaalam sa grupo kung ano ang tawag sa ‘dambuhalang trumpeta’. “Mabigat ’yon, ah,” aniya sabay tingin sa

golid kung saan nakapuwesto at tumutugtog ang mga musikero.

Nakikita niya ang malaking butas ng tuba pero hindi niya nakikita kung sino ang may hawak niyon dahil natatakpan ito ni Arlene. Inalis na niya agad ang tingin dahil napapatingin din sa direksyon niya si Arlene. Baka mabigyan pa nito ng ibang kahulugan ang ginagawa niya, umasa at manggulo nang sobra-sobra.

“Miguel, Miguel, halika.” Hinablot siya ni Jeilyn para ipakilala sa mga bagong dating na bisita. Mga bagong kakilala raw nito na nagbabakasyon galing Maynila.

Lumapit din ang kanyang ina at nakipagbeso-beso.

“Miguel, isayaw mo naman ang Tita Rita mo,” sabi ng kanyang mama nang pumaimbabaw na ang balse na *Tennessee Waltz*.

Iniabot naman niya ang kamay sa matandang nakasuot ng *Filipiniana*. Kahit saan ito pumunta ay bihis na bihis palagi. Minsan nga ay nagsimba itong nakasuot ng bughaw na gown. Kinabog lahat.

“Kelan ba talaga ang kasal?” tanong ni Tita Rita nang nakikipagsiksikan na sila sa ibang pareha na

sumasayaw sa gitna.

Sasagot sana siya nang mahagip ng kanyang mga mata ang may buhat sa tuba—ang babaeng suplada!

Kahit naka-T-shirt lang ito at mukhang pagod na pagod sa pagpasan ng tuba ay litaw pa rin ang mala-engkantada nitong ganda.

Mula sa kinatatayuan ay natanaw niya ang buong team ng basketball na binubuhat ang kanilang mesa para ilapit sa mga musikero.

Ang suplada pala na naka-engkuwentro niya sa daan ang ikinukuwento ni Boboy kanina. Abala ang babae sa kakaihip ng tuba at halata sa mukha nito ang pagka-bad trip.

Bakit ba kasi sa dami ng instrumento, ang tuba pa ang ibinigay rito?

“Hijo, tinatanong kita!” Hinampas ng kanyang Tita Rita ang balikat niya.

Nakalimutan na niyang may kasayaw siya.

“Kelan ba ang kasal?” ulit nito.

“Ah... ngayong July ang engagement namin so mga December.” At muling bumalik ang mga mata niya sa supladang babae. Ewan ba niya.

Basta, ang cute nito para sa kanya. Masarap titigan. Aalamin talaga niya ang pangalan nito.

Hingal na si Vivetha sa kakabuhat at kakaihip ng tuba kaya laking pasalamat niya nang matapos na ang kanilang second set. Tiningnan niya ang oras. Alas diez na. Makakain nga muna uli dahil ginutom siya. Ibababa niya sana ang tuba sa lupa nang tawagin siya ni Miss Melizano para sabihang bumalik agad pagkatapos ng apatnapung minuto.

“Opo,” sagot niya bago itinuloy ang pagbaba ng tuba.

Clang!

Nanaykupo! May ulo siyang nasakluban. Bakit kasi hindi muna siya tumingin bago niya ibinaba ang hawak na instrumento? Nakadisgrasya pa tuloy siya! Tinulungan naman siya ng kanyang nadisgrasya sa pagtataas ng tuba at halos mangisay siya nang makita ang nabiktima niya: si Miguelito!

“Hijo! Hijo, are you okay?” Isang matanda at matabang babae na kamukha ni Miguelito ang napasugod sa kanila.

Baka ito si Lila Enrique. Parang hihimatayin ito

nang may nakitang dugo sa noo ni Miguelito.

Napatakbo rin palapit sa kanila ang isang matandang babaeng naka-*Filipiniana*, marahil para damayan si Miguelito. Pero hindi na ito nakalapit dahil naapakan nito ang laylayan ng suot na gown at natumba. Natigil pansamantala ang party dahil sa eksena. Hindi talaga mapigilan ni Vivetha ang mapahagikgik nang tumapon sa paanan niya ang wig ng matanda.

Inalalayan naman ito ng mga lalaking nag-iinuman sa kalapit na mesa para makatayo. At nang nasa dalawang paa na ay inayos nito ang gown, ibinalik ang bonggang pustura, inisnab ang lahat at rumampa palapit sa kanya.

“Bakit hindi ka nag-iingat?” asik nito sa napakaasim na mukha. “Kung idemanda ka kaya namin ng reckless imprudence, ha?” At lumapit ito kay Miguelito para tingnan ang sugat ng binata.

“I’m okay! I’m okay,” pakalma ng lalaki sa matatanda bago tumingin sa kanya.

Gusto niyang paikutin ang mga mata. Hindi siya makapaniwala. Kaunting sugat lang pero parang gimbal na ang mundo ng mga kaharap!

Hello? Kalalaking tao ni Miguelito, kung mag-

worry ang mga babae sa kaunting dugo, parang wala nang bukas!

Mama's boy! Hmp!

May lumapit din na matangkad at morenang babae sa kanila. Napatingin ito sa kanya mula ulo hanggang paa at kung hindi siya nagkakamali, ito ang fiancée ni Miguelito na anak ng mga Valenzuela.

“Vivetha, ano na naman ang ginawa mo?” Sumulpot din ni Arlene.

Nakiusyoso rin ito kay Miguelito ngunit binigyan ito ng mga babae na nakapaligid sa lalaki ng masamang tingin. Sinipat na lang siya nito na para bang ang tanga-tanga niya.

“Makakarating ito kay Miss Melizano,” pananakot ni Arlene. Inilibot nito ang mata ngunit hindi nito mahanap ang maestra. Binalingan nito ang mga nakapaligid kay Miguelito. “Pasensya po, ha? Huwag kayong mag-alala, makakarating 'to kay Miss Melizano at didisiplinahin namin ang may sala.” Ngunit hindi pa rin nagbago ang reaksiyon ng tatlong babae.

Halatadong hindi gusto ng mga ito si Arlene.

Sinenyasan siya ni Arlene na sumunod dito. Dumerecho ito sa nag-uumpukang musikero kaya

sumunod na lang siya. Baka rin mag-uumpisa na ang kanilang third set. Pagdating doon ay pinagsabihan siya nito.

“Hindi mo ba alam na ang mga Enrique ang pinakamasugid nating kliyente? Bakit hindi ka nag-iingat?”

Hindi na niya matiis na hindi magsalita. “Matanong nga kita, Arlene. Ikaw ba ang magpapasuweldo sa akin?”

Hindi ito sumagot. “Tinatanong kita. Ikaw ba ang amo para ikaw ang magsermon dito?”

“Sa totoo naman, eh. Dahil sa kagagahan mo ay baka mawalan pa tayo ng kliyente.”

Nagsenyasan ang kanilang mga kasamahan dahil nag-uumpisa na ang bangayan. Interesado rin kasi ang mga ito na makinig at makichismis.

“Whatever! You’re not the one who’s gonna pay me at the end of the month so shut up.” At umalis na siya sa harap ng babae at pumunta sa tabi ng baklitang si Olga na may hawak ng saxophone para dito makipag-chikahan.

Habang naroon ay hinagilap niya ng tingin si Miguelito. Hindi niya ito makita. Baka ipinagamot na

In The Name Of Love - Sefah Mil

ng matatandang babae. Hay, siguradong mahihipan
siyang maakit ang lalaki dahil marami itong
guwardiya sibil.